# ANG

**(Ang mga talata ng Biblia na ginamit sa araling ito ay hango sa "REVISED" Mabuting Balita Biblia—REVISED Tagalog Popular Version maliban na kung babanggitin)**

**ANG NAKARAAN:**

Sa ating pag-aaral ng talinghaga ng Kasalan ay nakita natin na ang Diyos ay gumawa ng maraming pag-aanyaya sa mga tao upang magbalik-loob sa Kanya, magsisi at talikdan ang mga kasalanan. Ang unang bahagi ay naganap sa bayang Israel nuon at ang ika-2 bahagi naman ay naganap sa panahon ng mga Gentil hanggang sa ating panahon. Nakita natin sa talinghaga na hindi ang lahat ng nakinig ng panawagan ng Diyos ay naging karapat-dapat. Mayroong mga tumugon ngunit hindi rin naman talagang napasakop sa kalooban ng Diyos. Kaya nga nasabi ni Cristo sa kongklusyon ng talinghaga sa kasalanan na,

> ***Mat 22:14 Pagkatapos nito'y sinabi ni Jesus, "Marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang pinili."***

## Ang Pagtawag ng Dios — Ang Dios ay tumatawag sa pamamagitan ng pangangaral ng evangelio

> **2Th 2:13** Dapat kaming magpasalamat sa Diyos tuwina dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng Panginoon. Kabilang kayo sa mga unang **hinirang** niya upang pagkalooban ng kaligtasan sa pamamagitan ng nagpapabanal na Espiritu at ng inyong pananalig sa katotohanan**.**

Sa talatang ito ay makikita natin na **hindi tayo mawawalan ng bagay na ipagpapasalamat sa Diyos — hangga't may mga nananampalataya.** Hangga't may mga naliligtas at nananatili dito ay dapat tayong magpasalamat sa Diyos. Ang pagkahirang sa atin ay ang puwersang nagtutulak sa atin upang magpasalamat, pumuri at sumamba sa Diyos.

**PAPAANO NGA TAYO TINAWAG NG DIYOS? PAPAANO BA TUMATAWAG ANG DIYOS?**

**2Th 2:14** Tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Magandang Balita na ipinahayag namin sa inyo upang makasama kayo sa kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo**.**
.

Samakatuwid tinawag tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Evangelio. Nakarinig tayo ng paanyaya ng Dios sa pamamagitan ng Evangelio o Magandang Balita na ipinangaral sa atin. Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ay nalaman natin ang tunay na daan tungo sa Kaligtasan. Sa pamamagitan ng pakikinig ng pangangaral mula sa mga Salita ni Cristo ay nagbunga iyon ng pananampalataya o pananalig kay Cristo.

Hindi lahat ng nakarinig ng pangangaral ay nakukumbinsi na sumampalataya. Gaya ng sa talinghaga ng kasalanan ay hindi lahat ng naimbita ay naging karapat-dapat sa kasalan. At hindi lahat ng nakumbinsi ay nananatili sa pananampalataya at paglilingkod sa Panginoon. Kaya nga mapalad tayo dahil tayo'y nanampalataya at hanggang sa mga sandaling ito, makalipas ang ilang mga panahon ay nananatili sa pananampalataya – SAMAKATUWID ay tinugon natin ang ginawang pagtawag ng Diyos.

Tinanggap natin ang aral na ating narinig. Kaya nga napakahalaga na tayo ay magamit na kasangkapan ng evangelio upang ang mga hindi mananampalataya ay makarinig ng pagtawag din ng Diyos. Bakit kailangang magamit tayo na instrumento ng Diyos sa pagpapalaganap ng Evangelio?

Sa Bagong Tipan, ang Dios ay tumatawag ng mga taong maliligtas sa pamamagitan ng pangangaral ng Evangelio—Mabuting Balita. Kung tutuusin ay may kapangyarihan ang Dios na magpakita na lamang sa mga panaginip o kaya'y magpadala ng mga anghel sa bawat tao upang ipangaral ang "daan ng kaligtasan" ngunit hindi ito ang ginawa ng Dios. HINDI ITO ANG KALOOBAN NG DIYOS. Kundi SA HULING TAGUBILIN NI JESUS BAGO SIYA LUMISAN SA MUNDO AY **inatasan Niya ang mga alagad na ipangaral ang Mabuting Balita at gumawa pa ng iba pang mga alagad upang gumawa din ng iba pang mga alagad at bawat alagad ni Cristo ay inaatasan na gawing alagad ang lahat ng mga tao.**

1. **MAHALAGA NA BAWAT CRISTIANO AY MAGKAROON NG BAHAGI SA GAWAING ITO NG PAGTAWAG NG DIYOS.**

2. **ITO ANG PANGUNAHING GAWAIN NG LAHAT SA ATIN. KALIGTASAN NG KALULUWA ANG DAHILAN KUNG BAKIT SI CRISTO AY ISINUGO NG DIYOS SA SANGLIBUTAN.**

3. **KALIGTASAN MULA SA KAPARUSAHAN SA DAGAT-DAGATANG APOY ANG DAHILAN KUNG BAKIT NAGTALAGA SI CRISTO NG GAYA NI APOSTOL PABLO NA KANYANG ISINUGO SA MGA DAKO NG MGA GENTIL SA LABAS NG ISRAEL.**

4. **PAGSISISI AT PAGBABAGONG BUHAY SA PANGALAN NI CRISTO ANG NAGING PANGUNAHING PAKSA NG MGA PANGANGARAL NG MGA APOSTOL.**

5. **PAGKABUHAY NA MAG-ULI, BUHAY NA WALANG HANGGAN, UPANG SA BUHAY NA WALANG HANGGAN AY WALANG HANGGAN NATING MAKAPILING ANG LUMIKHA SA ATIN SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA KAY CRISTO.**

**KAYA MAHALAGA NA IPANGARAL NATIN ANG EVANGELIO NG KALIGTASAN UPANG MATUPAD SA MGA NAGBABALIK-LOOB SA DIYOS NA .....**

> **Rom 10:13** sapagkat sinasabi sa kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa Panginoon."

Napaganda ng pangako ng talatang ito — kaya madalas ding magamit ito sa mga panawagan upang akayin ang mga tao na magbalik-loob sa Diyos. Tutoo yan dahil iyan nga ang sinasabi ng kasulatan (Joel 2:32, Gawa 2:31). Papaano ba ang tamang pagtawag sa Panginoon? Sinong Panginoon ang dapat tawagan? Kahit ano bang paniniwala tungkol sa kinikilalang Diyos ng mga tao ay maaari bang magawa ito? Magagawa ba ng lahat ng mga tao na basta nalang tumawag sa Panginoon? Tingnan natin ang sumunod na sinulat ni Pablo,

**1.1 - Sa bahaging ito ay dapat nating maunawaan kung paano makararating ang tao sa kalagayang ito na tumawag sa Panginoon upang maligtas. ANG PAGTAWAG SA PANGALAN NG PANGINOON UPANG MALIGTAS AY NAGSISIMULA AT NAKAUGAT SA PANGANGARAL NG SALITA NI CRISTO.**

Rom 10:14 Ngunit paano naman sila tatawag sa kanya kung hindi sila sumasampalataya? Paano sila mananampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila?

**Iyan ang mga sunod-sunod na tanong ni Pablo. Mula diyan ay masasabi natin na:**

1. Hindi makatatawag ang tao sa Panginoon kung hindi sinasampalatayanan ang Panginoon;
2. Hindi makasasampalataya ang tao kung wala pa silang napapakinggan tungkol sa Panginoon;
3. Hindi makapakikinig ang tao upang sumampalataya at tumawag sa Pangalan ng Panginoon at maliligtas **kung walang nangangaral.**

**KAYA NAPAKAHALAGA NG PANGANGARAL NG EVANGELIO! ITO AY PARAAN UPANG ANG TAO AY MAKARATING SA TAMANG PANANAMPALATAYA AT TAMANG PAGTAWAG SA PANGINOON AT KUNG MAGKAGAYO'Y MAKAKAMIT NIYA ANG KALIGTASAN, ANG KATUBUSAN NG KANYANG KALULUWA, ANG BUHAY NG WALANG HANGGAN!**

**Mula sa mga talatang ating nabanggit (Roma 10:13-14) ay maliwanag na ang proseso ng kaligtasan ay nagsimula sa pangangaral. Ang pangangaral "preaching" ay ang pamamahayag ng aral. Kung walang gagawing pangangaral ay walang mapapakinggan upang mananampalataya at makatawag sa Panginoon para sa kaligtasan. Kaya tayong mga Cristiano ay inatasan ni Cristo na ipangaral ang Mabuting Balita ng Kaligtasan. Ating tatalakyin ang tungkol dito sa pag-usad ng ating araling ito. Samantala ay balikan muna natin ang nasa Roma 10 sa susunod na talata:**

Rom 10:15 At paanong makakapangaral ang sinuman kung hindi sila sinugo? Ayon sa nasusulat, "O kay inam na pagmasdan ang pagdating ng mga may dalang Magandang Balita!"

**SINUGO**

Hindi naman makapangangaral ang sinuman kung hindi siya isinusugo?

Ito ay isang doktrina na tinatanggap ng mga Judio nuong panahon na isinulat ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Roma, na ang paghahayag ng banal na mensahe ay dapat galing sa isang mangangaral na kinumisyon o itinalaga ng Diyos. Makikita natin ang katotohanang ito sa mga kasulatan, gaya ng sa Jeremias,

> **Jer 23:21** Sinabi ni Yahweh, "Hindi ko sinugo ang mga propetang iyan, lumakad sila nang hindi ko inuutusan. Nagpahayag sila sa aking pangalan, gayong wala naman akong sinabi sa kanila.

Ang isinusugo ng Diyos ang may dala ng tamang aral ng Diyos. Hindi ang lahat ng nangangaral at magsasabing nakausap nila ang Diyos ay tutoong isinugo nga ng Dios. Maraming nag-aangkin na sila daw ay isinugo ng Diyos dahil sila daw ay kinausap ng Diyos. Paano natin malalaman na ang isang nangangaral ay isinugo nga ng Diyos — Na ang dala-dala niyang mensahe ay galing nga sa Diyos?

1. Ang kanyang dala-dalang aral ay hindi dapat sumalungat sa mga aral na nakasulat sa Biblia.
2. Sa panahong Cristiano, ay hindi dapat sumasalungat sa mga aral ng mga apostol at sa iba pang kasulatan sa Biblia ang aral o doktrina.

**PAPAANO NAMAN TAYO NGAYON? ANG ATING MGA MANGANGARAL, TAGAPAGTURO AT MGA MINISTRO? ANG MGA KAPATID NA KAHIT HINDI MINISTRO NA NAGPAPAHAYAG AT NANGANGARAL NG SALITA NG DIYOS? IBIG BANG SABIHIN AY MGA SINUGO TAYO NG DIYOS NA GAYA NG SINASABI NG KASULATAN? HINDI!** Kung hindi ay paano at bakit tayo nangangaral? Ituloy natin ang pagbasa sa Jeremias…,

> Jer 23:22 Kung **tunay nilang natutuhan ang aking mga salita**, **maipapangaral nila ang aking mensahe** sa mga tao at sila'y magsisi at tatalikod sa kanilang masasamang gawa.

SAMAKATUWID, maaaring mangaral ng tunay na aral ang isang Cristiano kung **natutuhan niya ang Salita ng Diyos**. Maaari nilang ipangaral ang kanilang natutunan at akayin ang mga tao na magsisi't talikdan ang masasamang gawa.

Kaya nga, ang ating ipinangangaral ay ang mga **Salita ni Cristo**. Mga Salitang ating natutunan sa pag-aaral ng Biblia. Mga **Salitang ipinangaral ng mga**

**tunay na isinugo ni Cristo — gaya ng mga Apostol**. Subalit ang nakalulungkot na pangyayari ay hindi naman lahat ng nakapakinig ng Mabuting Balita ay naniwala. Maging hanggang sa panahon natin ay hindi lahat ng nakapakinig nito ay nanampalataya. Gaya nga ng sinasabi sa Roma 10 (balikan natin ang karugtong na talata kanina sa Roma…

Rom 10:16 Ngunit hindi lahat ay tumanggap ng Magandang Balita, gaya ng sinulat ni Isaias, "Panginoon, sino ang naniwala sa pahayag namin?"

**Iyang ang malungkot na katotohanan: hindi lahat ay tumanggap sa Magandang Balita. Maging nuong panahon pa ng Israel na ipinangaral sa kanilang ang Magandang Balita ng gaya ng sa atin subalit, gaya din nuong unang panahon at magpahanggang ngayon ay hindi lahat ay tumatanggap ng Evangelio.**

**Kaya huwag na tayong magtaka mga kapatid. Huwag na tayong matulala at manghina ang kalooban sa pag-aakay ng mga kaluluwang maaaring maligtas. Natutunan natin ngayon na talagang ganyan, hindi lahat ay maniniwala dahil nga nasusulat na ito.. Nasulat ito hindi dahil kalooban ng Diyos na huwag tumanggap ang ibang mga tao. Nasulat iyan bilang isang Propesiya na nakita na ng Diyos nuong una pa man kung ano ang magaganap sa mga hinaharap o sa future.**

BALIKAN NATIN ANG SA ROMA 10…,

Rom 10:17 Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo.

**ANG TUNAY NA PANANAMPLATAYA AY NANGGAGALING SA PANGANGARAL NG TUNGKOL KAY CRISTO. Kapag sinabing "tungkol kay Cristo" ang ibig sabihin nito ay sa pamamagitan ng SALITA NI CRISTO. Kaya sa ABAB ay ganito ang nakasulat…**

Rom 10:17 Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng **salita ni Cristo**. ***— (ABAB)***

## 2. IPANGARAL ANG Mabuting Balita sa lahat.

Ang pangangaral sa panahong Cristiano ay iniatang na ng Panginoong Jesu-Cristo sa lahat ng Kanyang mga alagad.  Hindi na natin kailangang makarinig pa ng literal na boses ng Diyos na gaya ng iba na may narinig daw silang literal na tinig ng Diyos subalit mali naman ang kanilang doktrina o aral.  Kung tutoong nakarinig sila ng literal na tinig ng Diyos ay hindi sila mangangaral ng salungat sa Biblia dahil ang Diyos kailanman ay hindi nagsalita at nag-utos ng salungat sa mga ipinasulat Niya.

**HULING TAGUBILIN NI CRISTO…**

ANG MGA TAO SA DAIGDIG, KAHIT SAANG KULTURA NG MUNDONG ITO AY BINIBIGYAN NG IMPORTANSYA O HALAGA AY MGA SALITA NG ISANG TAONG MALAPIT NG MAMATAY.  ANG KAMATAYAN AY ANG PAGLISAN SA SANGLIBUTANG ITO AT PAGPASOK SA IBANG DAIGDIG. BAGAMAT NG LUMISAN SI JESUS SA MUNDONG ITO AY HINDI SA KALAGAYANG PATAY KUNDI SA PAGKABUHAY NA MAG-ULI.  MULI AY ATING IPINAAALALA SA LAHAT NG MANANAMPALATAYA ANG HULING TAGUBILIN NI CRISTO BAGO SIYA UMAKYAT SA LANGIT…

**Mar 16:15**  At sinabi ni Jesus sa kanila, " Humayo sa buong daigdig, ay ipangaral ninyo sa lahat ng tao ang Magandang Balita.

Mar 16:16  Ang sinumang sumampalataya sa akin at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang ayaw sumampalataya ay parurusahan.

**Mat 28:18**  Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.

**Mat 28:19**  Kaya't humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Mat 28:20  Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."

***ITUTULOY . . .***